



Pinagsama-samang Pahayag sa Pagitan ng mga Ahensya ng Magkakabahaging Pangako Upang Matiyak ang Pagsunod sa mga Batas sa mga Karapatang Sibil at Isulong ang Katarungang Pangkapaligiran

Sa araw na ito ang Dibisyon ng mga Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Katarungan at ang mga opisyal na mula sa Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil ng Kagawaran ng mga Serbisyon Pangkalusugan at Pantao (Department of Health and Human Services, HHS); Pandepartmentong Tanggapan ng mga Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Transportasyon (Department of Transportation, DOT); Tanggapan ng Panlabas na Pagsunod sa mga Karapatang Sibil ng Ahensya ng Proteksiyong Pangkapaligiran (Environmental Protection Agency, EPA); Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil at Kalayaang Sibil ng Kagawaran ng Pambansang Seguridad (Department of Homeland Security, DHS); at Tanggapan para sa Patas na Pabahay at Pantay-pantay na Oportunidad ng Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Kalunsuran (Department of Housing and Urban Development, HUD) ay muling ipinapahayag ang magkabahaging pangako ng aming mga ahensya upang panaigin ang mga karapatang sibil at isulong ang katarungang pangkapaligiran sa mga komunidad sa kabuuan ng Estados Unidos. Ang aming mga ahensya ay patuloy na magtutulongan upang suportahan ang aming mga pagsusumikap sa pagpapatupad sa ilalim ng Titulo VI ng Batas sa mga Karapatang Sibil ng 1964 (Civil Rights Act of 1964) (Titulo VI) at upang paigtingin ang mga inisyatiba sa katarungang pangkapaligiran. Ipinagbabawal ng Titulo VI ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, at bansang pinagmulan (kabilang ang limitadong katatasan sa Ingles) sa mga programang tumatanggap ng Pederal na tulong-pinansyal, kabilang ang Pederal na pagpopondo.

Ang pagsulong sa katarungang pangkapaligiran ay ang pangunahing isyu sa mga karapatang sibil. Ang mga komunidad na hindi lubusang napaglilingkuran, kabilang ang mga naghihikahos at labis na pinapasan ang polusyon at kulang sa pamumuhunan sa transportasyon; mga nahahadlangan ng pag-access sa malinis na tubig, malinis na hangin, at malinis na lupa; at mga kulang sa mabisa at ligtas na pamamahala at imprastruktura para sa nagamit na tubig, ay nararapat sa buong mapagkukunan at atensyon ng Pederal na pamahalaan.

Sa mga nakalipas na taon, ang aming mga ahensya ay sama-samang namahagi ng bilyun-bilyong dolyar sa Pederal na tulong-pinansyal¹ upang muling magpatayo ng mga daan, tulay, paliparan at riles, tubo at daungan ng Amerika; muling pag-ugnayin ang mga komunidad; palawakin ang pag-access sa malinis na iniinom na tubig; at tugunan ang krisis sa klima. Sa pamamagitan ng mga

¹ Halimbawa, ang DOT, EPA, at HUD ay nagpamahagi ng mga Pederal na pondo sa pamamagitan ng Batas sa Imprastruktura, Pamumuhunan, at Trabaho (Infrastructure, Investment, and Jobs Act, IIJA) (2021) at ng Batas sa Pagbawas ng Implasyon (Inflation Reduction Act, 2022), bukod sa iba pang mga programa.

programang pinopondohan ng Pederal na pamahalaan, ang aming mga ahensya ay nakagawa ng mga makasaysayang pamumuhunan sa pagsasamoderno ng imprastraktura ng bansa upang mapabuti ang kaligtasan ng publiko at katatagan ng klima, lumikha ng mga trabahong may magandang suweldo sa buong bansa, magkaloob ng access sa mga bagay at serbisyo, at maghatid ng higit pang may pagkakapantay-pantay na kinabukasan na nagsusulong sa katarungang pangkapaligiran.²

Ang matagal nang mga batas sa mga karapatang sibil, kabilang ang Titulo VI ay ipinagbabawal ang diskriminasyon sa mga programang tumatanggap ng Pederal na tulong-pinansyal, kabilang ang sa mga programang tinutukoy sa itaas. Ang mga obligasyon sa mga karapatang sibil ay hiwalay at naiiba sa iba pang mga obligasyon ng tagatanggap, kabilang ang mga obligasyon para sumunod sa mga Pederal, pang-estado, panteritoryo at lokal na batas na pangkapaligiran.³ Ang aming mga ahensya ay nakatuon sa masigasig na paggamit ng lahat ng naaangkop na batas sa mga karapatang sibil, kabilang ang Titulo VI, upang isulong ang katarungang pangkapaligiran, at aktibong makipagtulungan sa mga pang-estado, panteritoryo, at lokal na pamahalaan at lahat ng iba pang entidad na tumatanggap ng Pederal na pagpopondo upang matiyak ang pagsunod sa mahahalagang batas na ito. Kabilang sa mga pagsusumikap na ito ang pagkaloob ng tektikal na tulong sa mga tagatanggap, pagsasagawa ng mga pagrerepaso bago at pagkatapos ng paggawad, pag-iimbestiga sa mga reklamo ng diskriminasyon, at paggawa ng anumang mga pagpapatupad.

Ang mga tagatanggap ay iniimbitahang makipag-ugnayan sa tanggapan ng mga karapatang sibil ng kanilang nagpopondong Pederal na ahensya o mga ahensya o sa Seksyon ng Pederal na Koordinasyon at Pagsunod (Federal Coordination and Compliance Section) ng DOJ sa Dibisyon ng mga Karapatang Sibil (Civil Rights Division) para sa teknikal na tulong sa pagsunod sa Titulo VI at iba pang mga Pederal na batas sa mga karapatang sibil.

- Seksyon ng Pederal na Koordinasyon at Pagsunod ng DOJ: 888-848-5306
- Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil ng HHS: 800-368-1019
- Pandepartmentong Tanggapan ng mga Karapatang Sibil ng DOT:
DOCR.info@dot.gov, 202-366-4648
- Tanggapan ng Panlabas na Pagsunod sa mga Karapatang Sibil ng EPA:
202-564-3316
- Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil at Kalayaang Sibil ng DHS:
crcl@dhs.gov (ATTN: Antidiscrimination Group)
- Tanggapan para sa Patas na Pabahay at Pantay-pantay na Oportunidad ng HUD:
https://www.hud.gov/program_offices/fair_housing_equal_opp/contact_fheo

² Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa mga naisakatuparan ng DOT at ng EPA sa ilalim ng IJA, na kilala rin bilang Batas sa Imprastraktura ng Dalawang Partido (Bipartisan Infrastructure Law), mangyaring tumingin sa <https://www.transportation.gov/bipartisan-infrastructure-law> at <https://www.epa.gov/infrastructure>.

³ Bilang halimbawa, ang mga obligasyon sa Titulo VI ay hiwalay at naiiba sa pagsusuri sa katarungang pangkapaligiran bilang bahagi ng Batas sa Pambansang Patakaran sa Kapaligiran (National Environmental Policy Act).

Ang mga miyembro ng publiko ay maaaring iulat ang mga posibleng paglabag sa mga karapatang sibil sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa tanggapan ng mga karapatang sibil ng nagpopondong Pederal na ahensya o mga ahensya o ng Seksyon ng Pederal na Koordinasyon at Pagsunod ng DOJ sa Dibisyon ng mga Karapatang Sibil.

- Seksyon ng Pederal na Koordinasyon at Pagsunod ng DOJ:
<https://civilrights.justice.gov/report/>
- Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil ng HHS:
<https://www.hhs.gov/ocr/complaints>
- Pandepartmentong Tanggapan ng mga Karapatang Sibil ng DOT:
EquityandAccess@dot.gov
- [Tanggapan ng Panlabas na Pagsunod sa mga Karapatang Sibil](#) ng EPA:
202-564-3316
- Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil at Kalayaang Sibil ng DHS:
<https://www.dhs.gov/file-civil-rights-complaint>
- Tanggapan para sa Patas na Pabahay at Pantay-pantay na Oportunidad ng HUD:
https://www.hud.gov/program_offices/fair_housing_equal_opp/contact_fheo